



CFITF ACT

Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act (Republic Act No. 11524)

Ang **CFITF Act o Republic Act No. 11524** ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita sa loob ng 50 taon.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labinlimang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.



CFIDP 2022-2026

Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Ipapatupad ito sa pangunguna ng Philippine Coconut Authority (PCA) kasama ang labin-apat (14) pang mga ahensya na natukoy ng batas.

Ang CFIDP ay susuriin bawat limang (5) taon upang matukoy ang kaangkupan ng mga programa, proyekto, at serbisyo sa pangangailangan at potensyal ng mga magsasaka ng niyog at ng kanilang pamilya.



CFITF ACT

Coconut Farmers and Industry Trust
Fund Act (Republic Act No. 11524)

MGA BENEFISYO

1. Proteksyong Panlipunan
2. Organisasyon at Pagpapaunlad ng mga Samahan ng mga Magsasaka ng Niyog
3. Pagpaparami, Pamamahagi, at Pananaliksik para sa Hybrid ng Niyog
4. Paghahayupan at Pagpapayabong ng Ibang Pananim sa Niyugan
5. Pamamahagi ng Modernong Makinarya at Kagamitan
6. Serbisyo upang Mapalaki ang Negosyo at Mapabilis ang Pangangalakal



Ang listahan ng mga benepisyaryo ng CFITF Act ay magmumula sa **National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)** ng PCA.

MGA BENEFISYARYO



May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;



Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o



Manggagawa sa niyugan o **nagpuproseso** ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhatan.

PAGPAPAREHISTRO SA NCFRS

01 Ihanda ang mga sumusunod na dokumento:

- 2x2 picture
- ID o sertipikasyon mula sa Kapitan ng Barangay o Lider ng Tribo
- Patunay ng Papel sa Niyugan:
 - » May-ari:
Kopya ng Titulo ng Lupa
 - » Tagapangasiwa/ manggagawa:
Sertipikasyon mula sa Kapitan ng Barangay o Lider ng Tribo

02 Magtungo sa pinakamalapit na opisina ng PCA sa inyong lugar mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00AM - 5:00PM.

Paalala: Itago ang 'enrollment stub' na ibibigay ng kawani ng PCA.

NATIONAL COCONUT FARMERS' REGISTRY SYSTEM (NCFRS)		REFERENCE / CONTROL NO.:	
ENROLLMENT CLIENT'S COPY		Date: _____	
LAST NAME	FIRST NAME	MIDDLE NAME	SUFFIX

Para sa mga katanungan o karagdagan impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang Biyernes (maliban tuwing holidays)



8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon



PAGPAPASEGURO NG NIYUGAN

Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labin-limang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC)**.



Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pagpapaseguro ng niyugan o *Coconut Tree Mortality Insurance* sa pangunguna ng PCIC.

PAGPAPASEGURO NG NIYUGAN

Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC)

MGA BENEFISYO

01 COCONUT TREE MORTALITY INSURANCE PACKAGE

Para sa mga magsasaka na may-ari ng pananim na nasira ng kalamidad gaya ng bagyo, tagtuyot (*El Niño*) o labis na pag-ulan (*La Niña*), sakit, at peste sa niyugan



A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

Rehistrado sa *National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)* ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

02 DEATH BENEFIT

Karagdagang ayuda o benepisyo para sa mga kamag-anak o benepisyaryo ng namayapang magsasaka ng niyog na may edad 80 taong gulang pababa na nakaseguro o *insured* sa PCIC.

MGA BENEFISYARYO

B. KWALIPIKASYON AYON SA PROGRAMA

Mga magsasakang may hindi hihigit sa isang (1) ektarya at nasa lugar na madalas tamaan ng kalamidad gaya ng bagyo at pagputok ng bulkan (base sa datos ng PCA).

Paalala: Prayoridad ng programa ang mga sumusunod:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan na 55 taong gulang pataas
- Nakatira sa siyudad/ munisipyo na may kwalipikasyon mula 4th hanggang 6th class

Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at PCIC sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon



ISKOLARSHIP

Commission on Higher Education (CHED)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labin-limang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Commission on Higher Education (CHED)**

Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pagbibigay ng iskolarship sa mga anak ng magsasaka ng niyog sa pangunguna ng CHED.



Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at CHED sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon

ISKOLARSHIP

Commission on Higher Education (CHED)

MGA BENEPISYO

01 UNDERGRADUATE PROGRAM

Tulong-pinansyal na maaaring gamitin sa:

- pang-araw-araw na pangangailangan sa paaralan gaya ng pagkain, transportasyon, at pambili ng libro/ babasahin
- thesis o/at *allowance* sa OJT
- pagdalo sa seminar at conference na may kaugnayan sa pag-aaral sa High School
- pambili ng laptop/ kompyuter

02 GRADUATE PROGRAM

Tulong-pinansyal na maaaring gamitin sa:

- pambayad ng *tuition fee*
- pang-araw-araw na pangangailangan sa paaralan gaya ng pagkain, transportasyon, at pambili ng libro/ babasahin
- pagdalo sa seminar at conference na may kaugnayan sa pag-aaral sa High School
- pambili ng laptop/ kompyuter



MGA BENEPISYARYO

MGA KWALAPIKASYON

1. Rehistradong magsasaka o kanilang pamilya sa *National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)* ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:
 - May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
 - Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
 - Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.
2. Magtatapos/ tapos ng High School na may General Weighted Average (GWA) na 85% o kasalukuyang nag-aaral sa kolehiyo at may GWA na 85% sa pinakahuling semestre ng pagpasok;
3. Hindi pa nakakatanggap ng ano mang *student financial assistance* o tulong-pinansyal para sa pag-aaral sa kolehiyo mula sa alinmang ahensya ng gobyerno; at
4. Hindi hihigit sa Php 300,000.00 ang taunang kita ng buong pamilya.



LIBRENG PAGSASANAY

Department of Agriculture (DA) -
Agricultural Training Institute (ATI)




Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labinlimang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI)**



Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pagbibigay ng Libreng Pagsasanay o Training para sa mga magsasakaka ng niyog sa pangunguna ng ATI. Partikular na rito ang mga magsasakang lider sa mga komunidad.

Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at DA-ATI sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon

LIBRENG PAGSASANAY

Department of Agriculture (DA) - Agricultural Training Institute (ATI)

MGA BENEPISYO

01 IBA'T IBANG PAGSASANAY

Ang mga lider ng magsasaka ng niyog at *Agricultural Extension Workers (AEWs)* mula sa lokal na pamahalaan ay maaaring makilahok sa libreng online (*e-learning courses*) at personal (*face-to-face*) na mga pagsasanay o training at seminar na may kaugnayan sa pagtatanim ng niyog at paghahayupan sa ilalim ng niyugan.

03 SCHOOL-ON-THE-AIR (SOA)

Pagtuturo ng advanced o makabago/modernong paraan ng pagsasaka ng niyog at paghahayupan sa ilalim ng niyugan gamit ang radyo. Layunin nito na maabot ng impormasyon ang mga nasa malayong lugar gaya ng mga isla at iba pang Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA).

02 COCONUT LEARNING SITES

Binibigyan ng sertipikasyon ang mga modelong niyugan na may iba't ibang teknolohiya at makabagong pamamaraan tungkol sa pagsasaka, pagpoproseso, at pagsasanay.

04 FARM BUSINESS ADVISORY SERVICES

Pagsagot sa mga katanungan at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagsasaka ng niyog at paghahayupan sa ilalim ng niyugan sa pamamagitan ng Farmers' Contact Center (FCC) na pinamamahalaan ng mga lisensiyadong Agriculturists.



MGA BENEPISYARYO

A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

Rehistrado sa *National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)* ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

B. KWALIPIKASYON AYON SA PROGRAMA

1. Trainings at Seminar

- Lider ng Magsasaka ng Niyog
- *Agricultural Extension Workers (AEWs)* mula sa lokal na pamahalaan

2. Sertipikasyon bilang Coco LSA

Farming LSA

Niyugan na pagmamay-ari ng magsasaka, pamilya, pribadong organisasyon, at pamahalaan (lokal at nasyonal)

Agri-Processing LSA

Niyugan na pagmamay-ari ng pribadong indibidwal o organisasyon at pamahalaan (lokal at nasyonal)

3. School-on-the-Air (SOA)

- Mga magsasaka ng niyog na nakatira sa malalayong lugar na hindi naabot ng karaniwang paraan ng komunikasyon gaya ng mga isla at GIDA
- Mga mag-aaral, AEWs, at mga indibidwal na interisado sa pagsasaka ng niyog o paghahayupan sa ilalim ng niyugan

4. Farm Business Advisory Services (FBAs)

- AEWs
- Magsasaka ng niyog, kabilang na ang mga kabataan
- Lokal na pamahalaan
- Producer at supplier ng niyog at raw materials nito
- Negosyante
- Pribadong institusyon



LIBRENG PAGSASANAY

Technical Education and Skills
Development Authority (TESDA)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labinlimang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)**.

Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay pagbibigay ng Libreng Pagsasanay o Training na may kaakibat na sertipikasyon para sa mga magsasakaka ng niyog at miyembro ng kanilang pamilya sa pangunguna ng TESDA.



Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at TESDA sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon

LIBRENG PAGSASANAY

Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)

MGA BENEFISYO

01 TECHNICAL-VOCATIONAL INSTITUTIONS (TVIS)

Rehistrasyon, Pagkilala, at Akreditasyon ng *Technical-Vocational Institutions* (TVIs). Para sa mga may-ari at samahan ng mga magsasaka na nais gawing farm school ang kanilang niyugan na requirement upang mairehistro naman ang training programs na nais papondohan sa TESDA.



02 PONDO PARA SA ISKOLARSHIP

Para sa mga Farm Schools na nais humingi ng pondo mula sa TESDA upang maisagawa ang training o seminar na may kaugnayan sa pagsasaka ng niyog at paghahayupan sa ilalim ng niyugan.

03 TRAINING AT ASSESSMENT

Para sa mga magsasaka at miyembro ng pamilya na nais makakuha ng *National Certifications* (NCs) na may kaugnayan sa pagsasaka ng niyog at paghahayupan sa ilalim ng niyugan.

- Libreng skills training
- Libreng *entrepreneurship training*
- Subsidiya habang nasa training (Php 160.00 bawat araw)
- Tulong-pinansyal para sa gastusin sa internet (Php 1,000.00 bawat iskolar)
- *Accident Insurance Coverage*

MGA BENEFISYARYO

A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

Rehistrado sa *National Coconut Farmers Registration System* (NCFRS) ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

B. KWALIPIKASYON AYON SA PROGRAMA

- 18 taong gulang sa panahon ng pagtatapos ng training
- Pasado sa *Trainee Entry Requirements* gaya ng (ngunit hindi hindi limitado sa mga sumusunod):
 1. Kakayahang magbasa at magsulat
 2. Kakayahang makapagsalita at makipag-usap sa iba
 3. Malusog ang pangangatawan (mental at pisikal)
 4. Kakayahang mwwakasagot ng *basic mathematical computation*



PAG-OORGANISA AT PAGPAPATIBAY SA SAMAHAN NG MGA MAGNINIYOG

Cooperative Development Authority (CDA)




Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labinlimang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Cooperative Development Authority (CDA)**.



Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay pag-oorganisa at pagpapatibay sa samahan ng mga magsasaka ng niyog sa pangunguna ng CDA.

PAG-OORGANISA AT PAGPAPATIBAY SA SAMAHAN NG MGA MAGNINIYOG

Cooperative Development Authority (CDA)

MGA BENEPISYO

01 INDIBIDWAL O ASOSASYON NG MGA MAGSASAKA NG NIYOG

Kung hindi pa miyembro ng kooperatiba o/at asosasyon: Libreng oryentasyon tungkol sa kahalagahan ng kooperatiba at kapakinabangan ng pagiging miyembro ng isang kooperatiba ng mga magsasaka ng niyog

Pre-registration seminar (PRS) para sa mga nagnanais mag-kooperatiba. Nakapaloob dito ang kaalaman sa pagpaparehistro ng kooperatiba



02 KOOPERATIBA NG MGA MAGSASAKA NG NIYOG

- Libreng pagsasanay na may kaugnayan sa pamamahala at pagpapaunlad ng kooperatiba kasama ang *mandatory training* para sa mga opisyal ng kooperatiba;
- Tulong pinansyal para sa pagpapaunlad ng negosyo ng kooperatiba o kaya ay *seed capital*; at
- Oportunidad para sa iba pang tulong teknikal at pinansyal mula sa mga ahensyang nagpapatupad ng CFIDP

MGA BENEPISYARYO

A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

INDIBIDWAL

Rehistrado sa *National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)* ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

B. SAMAHAN NG MGA MAGSASAKA NG NIYOG

ASOSASYON

- May *valid Accreditation Certificate* mula sa PCA
- Interisadong bumuo ng kooperatiba

KOOPERATIBA

- Rehistrado sa Cooperative Development Authority (CDA)
- Accredited ng PCA
- May *valid Certificate of Compliance (COC)* mula sa CDA
- May *valid Certificate of Accreditation* mula sa CDA, para sa mga tatanggap ng tulong pinansyal

Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at CDA sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon



PAGPAPARAMI AT PAMAMAHAGI NG HYBRID NA NIYOG

Department of Agriculture (DA) -
Philippine Coconut Authority (PCA)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labin-limang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Philippine Coconut Authority (PCA)**.

Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pagpaparami at pamamahagi ng hybrid na niyog sa mga magsasaka sa pangunguna ng PCA.



PAGPAPARAMI AT PAMAMAHAGI NG HYBRID NA NIYOG

Department of Agriculture (DA) - Philippine Coconut Authority (PCA)

MGA BENEPISYO

01 HYBRID NA NIYOG

Pamamahagi ng hybrid na niyog sa mga kwalipikadong indibidwal na magsasaka o/ at samahan gaya ng kooperatiba at asosasyon.



02 SUPORTA SA NABIGYAN NG HYBRID NA NIYOG

Pagbibigay ng tuloy-tuloy na suporta sa mga magsasaka na nakatanggap ng hybrid na niyog:

- Naka-polybag na hybrid na punla at pataba
- Teknikal na paggabay sa:
 1. Pagtatayo ng taniman ng niyog
 2. Paglalagay ng tamang pataba at pagdidilig sa hybrid na niyog
 3. Pagpapabunga ng mga hybrid na niyog

MGA BENEPISYARYO

A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

Rehistrado sa *National Coconut Farmers Registration System (NCFRS)* ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Nangungupahan sa niyugan at may patunay ng pangungupahan

sa may-ari ng lupa o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

B. KWALIPIKASYON AYON SA PROGRAMA

Bibigyan ng prayoridad ang mga aktibong miyembro ng ano mang uri ng samahan ng mga magsasaka ng niyog.

Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon



PANANALIKSIK PARA SA HYBRID NA NIYOG

Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund ay ipapatupad ng labin-limang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST- PCAARRD)** partikular na sa pananaliksik para sa Hybrid na Niyog.



Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026. Nakapaloob sa CFIDP ang mga inisyatibo at interbensyon ng pamahalaan para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pananaliksik para sa hybrid na niyog sa pangunguna ng DOST-PCAARRD.

PANANALIKSIK PARA SA HYBRID NA NIYOG

Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD)

MGA BENEFISYO

Ang programang ito ay naglalayong matugunan ang mga kasalukuyang problema sa supply and demand ng industriya ng pagniniyog sa pamamagitan ng pagpapalakas ng antas ng produksyon ng coconut hybrids mula sa paggamit ng mga angkop na teknolohiya at pagsasaliksik para sa hybridization ng niyog. Ilan sa mga benepisyo ng programang ito ay:

1. Palakasin ang produksyon ng mga pananim na hybrid na niyog
2. Mapabuti ang kalidad ng mga pananim at magdebelop ng mga bagong hybrids
3. Magtatag ng mga regional hybrid demo farms
4. Pataasin ang kita ng mga magniniyog

MGA BENEFISYARYO

Ang mga pananaliksik, interbensyon, at inisyatibo ay isasagawa ng mga Research and Development Institutions (RDIs) at inaasahang direktang mapakikinabangan ng mga magsasaka ng niyog.

Mga Partners sa Pananaliksik para sa Hybrid na Niyog

1. Research Centers ng PCA
2. Unibersidad at Kolehiyo na may kakayahan o/ at programa sa Research and Development (R&D)
3. Iba pang institusyon na may karampatang kakayahan manaliksik para sa hybrid na niyog.



Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa DOST-PCAARRD o pinakamalapit na opisina ng DA-PCA sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon



PAGTATANIM NG KAPE AT KAKAW SA NIYUGAN

Department of Agriculture (DA) - High Value Crops Development Program (HVCDP)



Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF) Act

Ang CFITF Act o Republic Act No. 11524 ay naisabatas noong 2021. Layunin nito na mapabuti ang pamumuhay ng mga magsasaka ng niyog sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang programa, proyekto, at serbisyo na magpapataas sa kanilang ani at kita.

Sa ilalim ng batas, ipapatupad ng labinlimang (15) ahensya ng pamahalaan ang mga inisyatibo at interbensyon para sa maliliit na magsasaka ng niyog gamit ang pondo mula sa Coco Levy Fund.

Kabilang sa mga ahensyang tagapagpatupad ng CFITF Act ay ang **Department of Agriculture (DA) - High Value Crops Development Program (HVCDP)**.



Kasunod ng pagsasabatas ng CFITF Act, nabuo at inaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas ang **Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) 2022-2026**. Nakapaloob sa CFIDP ang mga benepisyo na binuo para sa kapakinabangan ng mga magsasaka ng niyog at kanilang pamilya.

Isa sa mga programa, proyekto, at serbisyong natukoy sa CFIDP ay ang pagtatanim ng kape at kakaw sa ilalim ng niyugan sa pangunguna ng DA-HVCDP.

Para sa mga katanungan o karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na opisina ng DA-PCA at DA-HVCDP sa inyong lugar. Maaari ring tumawag sa PCA sa numerong (02) 8287 8379 local 222.



Lunes hanggang
Biyernes (maliban
tuwing holidays)



8:00 ng umaga
hanggang 5:00 ng hapon

PAGTATANIM NG KAPE AT KAKAW SA NIYUGAN

Department of Agriculture (DA) - High Value Crops Development Program (HVCDP)

MGA BENEPISYO

01 REHABILITASYON AT PAGPAPAYABONG NG EXISTING NA TANIMAN NG KAPE AT KAKAW

- Libreng pananim, pataba, at materyales (pruning saw, grass cutter, at iba pa)
- Libreng training
- Pagkonekta sa merkado

03 PAGTATAYO NG NURSERY PARA SA KAPE AT KAKAW

- Istruktura upang magpalaki at magprodus ng humigit kumulang 10,000 pcs na kalidad na kape at kakaw na maaring ibenta o ipamigay sa mga miyembro.
- Libreng pagsasanay sa pamamahala nursery
- Akreditasyon mula sa Bureau of Plant Industry

02 PAGPAPALAWAK NG TANIMAN NG KAPE AT KAKAW SA ILALIM NG NIYUGAN

- Libreng training at seminar sa pagtatanim, pag-aani, pagpu-proseso, produksyon, at promosyon ng kakaw at kape
- Libreng pananim, pataba, at materyales
- 500 pcs ng semilya + 10% (allowance para sa replacement) upang mapabuti ang kalidad ng binhi ng kakaw at kape sa bawat ektarya ng taniman
- Dalawang (2) bags ng organik na pataba bawat ektarya ng taniman ng kakaw at kape (200 grams/ puno) sa unang taon

MGA BENEPISYARYO

A. PANGUNAHING KWALIPIKASYON

Rehistrado sa National Coconut Farmers Registration System (NCFRS) ng PCA at nagtataglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

- May-ari o namamahala ng hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan;
- Tagapangasiwa o nangungupahan sa hindi hihigit sa limang (5) ektarya ng niyugan; o
- Manggagawa sa niyugan o nagpuproseso ng mga produkto mula rito bilang pangunahing kabuhayan.

B. KWALIPIKASYON AYON SA PROGRAMA

1. Lokasyon ng Taniman

- may klima at uri ng lupa na angkop itanim ang kape o/at kakaw
- may aktibong Community-Based Organizations (CBOs) sa lugar o samahan ng magsasaka sa komunidad

2. Indibidwal na Magsasaka ng Niyog

- may kalahati (0.5) hanggang limang (5) ektarya ng niyugan

3. Samahan ng mga Magsasaka ng Niyog

- Rehistrado sa PCA at may sertipikasyon mula sa Cooperative Development Authority (CDA), Security Exchange Commission (SEC) o Department of Labor and Employment (DOLE).
- May hindi bababa sa 50 aktibong miyembro
- Nabuo at may magandang record sa nakalipas na dalawang (2) taon

